



## **PAHAYAG SA MEDIA**

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Marso 15, 2022

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Kristine Roselius, 415.519.5419 o [kroselius@baaqmd.gov](mailto:kroselius@baaqmd.gov)

### **Air District, inanunsyo ang pagretiro ni Jack Broadbent**

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo kamakailan ng Tagapagpaganap na Opisyal ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na si Jack Broadbent ang kanyang plano na magretiro pagkatapos ng mahigit 18 taon bilang pinuno ng ahensya.

Naglingkod si Jack Broadbent bilang tagapagpaganap na opisyal/opisyal ng pagkontrol sa pagpaparumi sa hangin para sa Air District mula noong 2004, nang may mahigit na 40 taon sa serbisyo-publiko. Ang Air District ay isa sa mga kilalang ahensya sa pamamahala ng kalidad ng hangin sa Estados Unidos. Sa ilalim ng pamumuno ni G. Broadbent, bumuo at nagpatupad ang Air District ng iba't ibang inobatibong diskarte na tumulong sa pagbibigay ng malusog at pinalinis na kapaligiran sa paghinga para sa mga residente ng Bay Area.

“Sa ngalan ng Mga Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, mga empleyado at residente ng Bay Area, pinapasalamatan ko si G. Broadbent para sa maraming taon ng kanyang serbisyo sa pagpapahusay ng kalidad ng ating buhay,” ayon sa Tagapangasiwa ng Contra Costa County na si Karen Mitchoff, na tagapangasiwa din ng Lupon ng Mga Direktor ng Air District. “Dalangin namin ang kanyang kasiyahan sa kanyang pagreretiro.”

Si G. Broadbent ay may ilang dekadang karanasan sa pamamahala sa kapaligiran sa pampubliko at pribadong sektor. Naging bahagi siya ng Air District pagkatapos maglingkot bilang direktor ng air division sa Ahensiya ng Proteksyon ng Kapaligiran ng U.S. (US Environmental Protection Agency), Rehiyon IX. Bago maging bahagi ng U.S. EPA, naglingkod si G. Broadbent na deputy na tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Pamamahala ng Kalidad ng Hangin ng South Coast (South Coast Air Quality Management District), pati na rin direktor sa pagpapalano at iba pang opisyon sa mataas na pamunuan. Sa pribadong sektor, naglingkod siya bilang manager sa mga programa sa kapaligiran para sa negosyo para sa Hughes Aircraft Company.

Si Alexander “Sandy” Crockett, pangalawang konseho ng Air District, ang papalit sa tungkulin bilang interim na tagapagpaganap na opisyal sa susunod na ilang araw hanggang sa matukoy ng Air District ang isang pangmatagalang interim na tagapagpaganap na opisyal at sa huli, isang permanenteng kapalit.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Air District Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*